

## Pangangalap at Pagsusuri ng mga Idyomatikong Ekspresyong Gubatnon

Buluran, Sara Em ✉

Sorsogon State University, Philippines ([saraembuluran@gmail.com](mailto:saraembuluran@gmail.com))

Marbella, Felisa D.

Sorsogon State University, Philippines ([felymarbella03@gmail.com](mailto:felymarbella03@gmail.com))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received:** 16 January 2024

**Revised:** 6 February 2024

**Accepted:** 15 February 2024

**Available Online:** 15 February 2024

**DOI:** 10.5861/ijrse.2024.24002

### *Abstract*

The study is an initial attempt to document idiomatic expressions used in oral conversations in the dialect spoken by the people in the town of Gubat, Sorsogon, Bicol Region, Philippines. Descriptive analysis was the method used in this research. Data was collected through interviews and focused group discussions that involved volunteer participants whose ages ranged between 28 and above. Thematic analysis was used in analyzing the answers to the question how well the people of Gubat understand the idiomatic expressions of their town. There are different themes that are inclusive in Gubatnon idiomatic expressions. These idioms reflect the culture of the town of Gubat, their geographic identity as well as their history. It is recommended that these idioms be used in making literary pieces like poems and stories so that the language of the town would be preserved and enriched. These idioms must also be used in schools most specially in the elementary so that the children will have a wider and clearer grasp of things using their very language. Parents are also encouraged to use idiomatic expressions at home so that it may be instilled in the minds of Gubatnon children hence the preservation of this beautiful culture of using idioms in everyday conversation.

**Keywords:** pangangalap, pagsusuri, idyomatikong ekspresyon, paksain, sinasalaming elemento

## Pangangalap at Pagsusuri ng mga Idyomatikong Ekspresyong Gubatnon

### 1. Introduksyon

Wika ang sandata ng tao sa pagkilala sa sariling identidad. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng natatanging kakayahan ang tao na maunawaan at mabigyang katuturan ang kanyang sarili gayundin ang mga bagay sa kanyang paligid sa kabila ng impluwensensiya ng iba't ibang puwersang mapanakop at mapang-api. Ang wika ay ginagamit sa literal at matanglinghagang paraan. Literal ang pakahulugan sa isang pahayag kung ang mga salitang ginagamit ay siya ring mensaheng nais ipahayag at matalinghaga naman kung ginagamit ang mga payak na salita o pahayag upang magkanlong ng iba o mas malalim na kahulugan. Ang mga idyomatikong ekspresyon ay natatanging katangian ng mga katutubong wika. (Vesiljevic, 2015). Isa ito sa mga uri ng matalinghagang pagpapahayag na hindi makikita o makukuha ang natatanging kahulugan sa mga salitang ginamit lamang. Maaaring isa itong parirala o pangungusap na ang kahulugan ay kumpletong magkaiba ang literal na kahulugan ng salita. Ito'y ay naging pangmalawakang gamit dahil ito'y nagtataglay ng makahulugang mensahe (Torres, 1997).

Pinatutunayan sa pag-aaral na ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa katutubong wika o mother tongue ay nagiging daan sa mas maayos na pag-unawa sa kurikulum. Nagdudulot rin ito ng positibong pagtingin sa pag-aaral kung kaya't mahalagang mapanatili sa mga kabataan ang kanilang wikang kinagisnan bago pa man sila mag-aral ng ibang lengguwahe (Savage, 2017). Ngunit, hindi lamang mga tao ang mabilis na naglalahi sa pisngi ng lupa, gayundin ang mga katutubong wika. Ayon sa UNESCO (2016), sa mahigit kumulang 6700 na wikang sinasalita sa buong mundo sa ngayon, hindi bababa sa 40% ang nanganganib nang maglaho at marami pa ang tuluyan nang nawala. Ang UNESCO o *United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization* ay ang ahensiyang nangangalaga sa preserbasyon ng mga wika sa buong mundo bilang isa sa pinakamahalagang salik ng pandaigdigang kultura.

Ang wikang nangananib nang maglaho o tinatawag na isang *endangered language* ay ang wikang nanganganib na hindi na magamit sa kadahilanang ang mga taong gumagamit nito'y namatay na o gumagamit na ng ibang wika. Sa panahon ngayon, mga magulang na mismo ang humihikayat sa kanilang mga anak na maging maalam sa wikang banyaga gawa ng globalisasyon kung kaya't ang pagsasalin ng katutubong wika ay natitigil na rin. Bunga nito'y paunti na nang paunti ang mga nagsasalita at gumagamit ng lokal na wika. Ang mga wikang hindi nadokumento ay maaari tuluyan nang maglaho (Rogers & Campbell, 2015). Kung kaya ang pagdodokumento ng wika bilang kaban ng kultura ay napakahalaga. Ayon kay De Juan (2013), taong 1300 AD, bago pa man dumating ang mga mananakop sa bansa ay mayroon nang sariling karununganng bayan ang mga Aeta, isa sa mga unang taong nanirahan noon sa Pilipinas. Ang karununganng bayan ay isang sangay ng panitikang nagbibigay-daan sa pagpapahayag ng isipang napapabilang sa kultura ng bawat tribo. Mahalaga ito sa katutubong tradisyon at nagiging gabay sa sa pagbasa at pagpapanitik sa anumang wikang naisulat ito (Uriarte, 2019).

Kaisa ang pamahalaan sa layuning pasiglahin at pagyamanin ang mga katutubong wika tungo sa kalusugan ng wikang pambansa. Pinatunayan ito ng Artikulo XIV Edukasyon, o ang Syensya at Teknolohya, Mga Sining, Kultura, at Iports ng Konstitusyon ng Pilipinas Sek. 9 na nagsasabing dapat magtatag ang Kongreso ng isang komisyong ng wikang pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang mga rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili. Suportado rin ng Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas ang layuning paigtingin ang paglinang at pagpapayaman ng sarili nating wika. Pinatutunayan ito ng DepEd Order No. 16, s 2021 o ang Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education o MTB-MLE at DepEd Order No.74, S. 2009 o ang Institutionalizing Mother Tongue-Based Multilingual Education, na nagsasabing ang batang natutong bumasa at sumulat sa unang wika ay mas mabilis

matutong bumasa at magsalita sa ikalawa at kahit sa ikatlong wika.

Ang pag-aaral na ito'y tugon sa suliranin ng kawalan ng pag-aaral at pananaliksik sa wikang Gubatnon, ang wikang sinasalita at repleksiyon ng kultura ng bayan ng Gubat, Sorsogon. Layon ng pag-aaral na ito na makalap ang mga idyomatikong pananalita na ginagamit sa pakikipagtalastasan sa nabanggit na bayan at makapaglagak ng isang *treasury* na nagtataglay ng nasabing uri ng retorika't masining na pagpapahayag na sa pananaliksik na ito'y tinuran na mga idyomatikong ekspresyon. Pinagaganda ng retorika ang isang pahayag at isa sa mga pamamaraang retorikal ay ang idyomatikong ekspresyon. Sa pamamagitan ng pag-aaral at pagtuturo ng sariling wika, hindi lamang natutulungang maging matalino at maalam ang isang guro o mag-aaral tungkol sa kanyang wika kundi hinuhubog rin sa kaniya ang pagmamahal sa sarili. Ang pag-aaral na ito ay isa lamang sa marami pang susunod. Tinatanaw ng pananaliksik na ito na babalik sa dating sigla ng wika sa bayan Gubat, Sorsogon at magiging pundasyon ito ng mga mamamayang may lubos na pagmamahal sa sarili at sa bayan na makikita sa paggamit pagpapayaman ng sariling wika.

**Layunin ng pag-aaral** - Natiyak sa pananaliksik na ito na makalap at masuri ang mga idyomatikong ekspresyon sa bayan ng Gubat, Sorsogon mula sa mga mamamayan ng nasabing bayan batay sa (1) mga paksain o temang nakapaloob sa bawat idyomatikong ekspresyong Gubatnon (2) sinasalaming mga elemento ng kultura ng bawat idyomang nakalap.

## 2. Pamamaraang ginamit

Inalam sa pag-aaral na ito ang mga idyomatikong ekspresyong nabubuhay pa sa diwa ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat sa probinsya ng Sorsogon. Deskriptib-analisis ang ginamit sa paraan ng paglikom ng datos batay sa interbyu na isinagawa. Ang kabuuang bilang ng mga nakalap na idyomatikong ekspresyon ay 60 mula sa 75 mamamayan ng Gubat. Nagsagawa ng panayam ang tagapagsaliksik sa mga piling mamamayan ng Gubat mula Abril hanggang Oktubre ng taong 2023. Ang mga panayam ay ginawa sa kabahayan, sa paaralan at sa iba't iba pang lugar at establisimyento kagaya ng palengke munisipyo at gilid ng kalye. Matapos masagot ang mga kinakailangang tanong, ipinaliwanang ng mananaliksik ang tinatanaw na kahalagahan ng ginagawang pag-aaral sa mga kinapanayam.

## 3. Mga natuklasan

### Mga Paksaing Nakapaloob sa Bawat Idyomatikong Ekspresyong Nakalap.

Lumabas sa pag-aaral na ito na may mga paksaing nakapaloob sa mga idyomatikong ekspresyong nakalap mula sa mga nakapanayam na mamamayan ng bayan ng Gubat. Ang paksaing ito ay ang mga sumusunod; nagpapakita ng kultura, nagpapakita ng georapikal na kakanyahan at nagpapakita ng kasaysayan.

### NAGPAPAKITA NG KULTURA

Kultura ang unang tiyak na paksaing kinakatawan ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon. Ang unang elemento ng kulturang tampok sa bahaging ito ng pananaliksik ay kaugalian. Ang kaugalian ay ang mga asal, gawi o kilos na nagiging pamantayan ng isang indibidwal kung paano siya gagalaw sa lipunan (Atienza, 2018)<sup>11</sup>.

#### A. Kaugalian

Ang kaugalian o *norms* ay ang mga kagawian ng mga naninirahan sa isang lipunan. Tinutukoy nito ang kilos, asal at aksyon ng isang taong parte ng isang lipunan sa nakasalamuha nito. Ang mga kaugalian ng mga mamamayan ay sinasalamina ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon.

#### A.1. Pamumuna

Ang pamumuna ang isa sa mga batayang kaugalian ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat na pinatutunayan ng maraming idyomatikong pahayag na tungkol rito. Kapansin-pansin na ang binigyang-puna ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon ay ang iba't ibang pag-uugali, pagpapahalaga, paniniwala at mga

bagay na alam ng nakararami. Tatlong (3) tampok na mga kaugaliang binibigyang-puna ng mga idyomatikong nakalap. Ito ay ang pagiging maligalig, malikot o pasaway, katamaran o kabagalan sa pagkilos, at hindi magandang pag-uugali kagaya ng pagiging maramot, masamang magsalita sa kapuwa, at pagbibingi-bingihan na kadalasan ay sinasabi nang pabiro. Nangangahulugan ito na naipahahayag sa mga idyomatikong pahayag ang kaugalian ng mga tao sa Gubat.

#### **A.1.a. Maligalig/ Malikot/ Pasaway**

Sa idyomatikong pahayag na “*naglalaad an lobot*”, na maaaring isalin nang literal sa wikang Filipino bilang “nagliliyab ang puwet”, kung saan ito ay may idyomatikong kahulugan na pagiging maligalig o hindi mapakali, makikita ang paggamit ng nakatutuwang paglalarawan sa isang tao o partikular sa batang marahil ay galaw nang galaw, isang bagay na maaaring sabihin, batay sa idyomatikong pamumunang ito na isang kaugaling hindi gaanong kanais-nais. Mayroong iba pang idyomatikong ekspresyong nagpapahiwatig ng halos parehong kahulugan, ang “*insilisilihan*” (maligalig/ marubdob), “*nagkakamol an samingkig*” (maligalig), “*diri nasusupot*” (hindi napapapigil/ mailap), “*may arong sa rapadapa*” (mahilig gumala) at “*insapo na langaw*” (mailap/ pasaway na bata). Mahihinuha sa mga idyomang ito ang sadyang pagbibigay pansin sa kaugaliang ito ng mga kabataan na sa isang banda marahil at nakatutuwa, sa kabilang banda naman ay nakikitang dapat sawayin o itama. Inihahambing rin ang kakulitan sa katigasan ng ulo na nakikita sa hindi pagsunod o hindi pakikinig kahit na paulit-ulit pagsabihan ang isang tao, sa salitang mapilit, at pati na rin sa salitang pagpupursige o persistence (Juan, 2021). Ang kakulitan bilang isang ugali ay matatagpuan natin sa bawat isang indibidwal. Ayon kay Mallari, (w.p), isa raw itong katangiang ating masisiyasat mula sa pagkabata pa lamang ng isang tao at hanggang sa punto ng kaniyang katandaan.

#### **A.1.b. Tamad o Mabagal Kumilos**

Ang pagiging tamad o mabagal kumilos ay isa rin sa mga kaugaliang binibigyang-puna ng mga idyomang Gubatnon. Masasalamin sa mga sawikaing “*malin insablasyon sin mabaho*”(tamad), “*nagmamara an gira*”(mabagal) at “*inlulumot an inagihan*”(mabagal) ang pamumuna sa hindi kaaya-ayang asal na pagiging tamad at mabagal ang pagkilos. Bagama’t ang kaugaliang ito’y hindi lamang maoobserbahan sa mga mamamayan ng bayan ng Gubat, kundi sa mga mamamayan rin ng buong bansa, kitang-kita pa rin ang pagtampok ng kaugaliang ito sa mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon na nabanggit. Binanggit ni Burce, (2013) sa kanyang blog na mayroong ideyang iprenisinta ang ating pambansang bayaning si Jose Rizal sa kaniyang artikulong isinulat tungkol sa pagiging tamad ng mga Pilipino. Isa sa mga nabanggit na dahilan ng mga Pilipino ay ang relihiyon kung saan naging palaasa sa Diyos ang mga mamamayan dahil turo ng mga pari na ang mga naaapi ay pinagpapala at tanging mahihirap lamang ang makararating sa langit. Makikita sa paggamit ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon ang pagiging nakakainis na kaugalian ng pagiging tamad at makagal kumilos. Sa kabila nito, nakahanap pa rin ng paraan ang mga mamamayan sa bayan ng Gubat upang sabihin o ipahayag ang pagpunang sa nang hindi tuwing nakakasakit ng damdamin. Napatutunayan nito na ang mga mamamayan sa bayan ng Gubat ay may mataas na simpatya sa kapuwa.

#### **A.1.c. Hindi Magandang Pag-uugali**

Hindi maikakailang kaugaliang inilalarawan din ng mga sawikaing Gubatnon ang pagbibigay-puna sa mga hindi magaganda o kaaya-ayang kaugalian ng mga mamamayan na sinasabi ipinahahayag sa hindi tuwirang pamamaraan kagaya ng pagpaparinig. Gamit ang mga sumusunod na idyoma; “*may pagkadiyo*” (may deperensiya ang utak), “*lanahan*” (uto-uto), “*diri nadidiyu’ diyu’an*” (madamdamin/balat sibuyas), “*mahangot pa sa tayangaw*” (mayabang) at “*dodoso-bisyoso*” (nagsasabi ng kasamaan ng iba upang pagtakpan ang sariling kasamaan) na kadalasa’y ang layon ay magpatawa, naipararating sa kapuwa ang hindi magandang kaugaliang dapat iwaksi. Kakatwa namang inihalintulad sa isang mabahong insekto ang isang taong mahambog o mayabang sa sawikaing “*mahangot pa sa tayangaw*”. Narito ang isang halimbawa ng pahayag kung saan ginagamit ang partikular na idyomang ito:

“*Tama na nga ‘yan, Ino! Mahangot ka pa sa tayangaw! Hindi mo naman dapat ipinagyayabang*”

*iyang mga bago mong gamit kasi hindi ka naman ang naghirap para magkaroon ka ng mga iyan. Ibinigay lang naman sa iyo. Buti ba kung pinaghirapan mo 'yan.'*

Sa pahayag na ito, makikitang sa halip na sabihing *mahangot* o mayabang si Ino, gumamit ng idyoma upang ilarawan ang hindi niya magandang pag-uugali. Ipinakikita nitong sa paggamit ng idyomating pahayag nakatuon sa pagbibigay pansin sa hindi magandang ugali ang nagsabi ng pahayag at hindi sa pananakit na damdamin na siyang madalas na resulta ng basta-bastang pamumuna. Mayroon rin namang mga idyomatikong ekspresyong nagpapahayag ng mabubuting gawi ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat. Bagaman ito ay mayroon pa rin itong tono ng pamumuna, makikitang sa kabutihan at kagandahan pa rin nakatoon ang mga ito. Narito ang mga halimbawa ng mga naturang uri ng idyoma. Una, ang idyomang “*luto sa suromaton*” (sanay sa pangaral) na kadalasang ginagamit sa paglalarawan ng isang taong naging matagumpay sa buhay bunga ng paggabay ng mga magulang. Ang ikalawa naman ay ang “*may kiray an kulo*” (trabahoso) na madalas namang ipinanglalarawan sa taong masipag at may trabaho kung saan nagiging marumi ang kamay. Ang mga idyomang ito ay nagpapatunay na hindi lamang di magandang bagay ang binibigyang pamumuna ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon.

## **A.2. Kaugaliang Palabiro o Idyomatikong Paglalarawan ng mga Tao, Bagay o Sitwasyon na may**

### **Layuning Magpatawa**

Palabiro ang mga tao sa Gubat. Binibigyang katuturan ang katotohanang ito sa maraming idyomatikong ekspresyong Gubatnon na tungkol sa pagbibiro o idyomatikong paglalarawan ng mga tao, bagay o sitwasyon na may layuning magpatawa. Ang pag-inom ng alak ay isang kasanayan ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat marahil kagaya rin ng sa ibang lugar sa atin bansa magmula pa noong ipamana ito ng mga dayuhan. May dalawang idyomatikong ekspresyong nakalap ang tagapagsaliksik sa pabirong pagpapatungkol rito ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat, ang “nagbahog-pato” kung literal na isasalin sa wikang Filipino ay nagpakain ng itik, inilalarawan nito ang isang taong sumuka dahil sa sobrang kalasingan, inihahalintulad and suka sa “sagmaw” na madalas ay kinakain ng mga itik sa bayan.

Ang “punutok an *ice candy*”, na kung sa Filipino ay pumutok ang ice candy, ito’y ginagamit upang ilarawan ang isang taong naihi sa saluwal dahil sa labis na kalasingan) na iniugnay sa imahen ng likidong tumulo mula sa plastic ng ice candy na pumutok o nabutas ang imahen ng taong naihi dahil sa labis na kalasingan ay hindi na niya namalayan ang kaniyang sarili. Sa awiting kilala sa bayan ng Gubat, ang “*An Baho Sin Hubog*” (Ang Amoy Ng Lasing), na kinumposo ni Magic Ereño, mapakikinggan ang isang nakakatawang kuwento ng isang manginginom na asawa at kung paanong ang misis niya ay hindi masaya sa pagiging lasinggero ng kaniyang mister. Ito ay nagpapakita ng kultura ng pag-inom na malawak pa rin maobserbahan sa bayan hanggang sa ngayon. Mayroon ding sawikaing ginagamit upang pagpahayag ng kaangkupan, ito ay “*shoot sa bagul*”. Ito ay nangangahulugang tumpak, tama o eksakto. Ang bagul ay iyong matigas na bagay sa loob ng niyog kung saan makukuwa ang kopra o lamang ng buko at kinapapalooban rin ng sabaw ng buko. Sinasabi ito sa masaya o masiglang paraan na mayroong papataas na tono.

Narito ang isang pangungusap na gumagamit ng nasabing idyoma: Halimbawang Pangungusap:

*“Shoot sa bagul naggad an tangkod mo, an manok man naggayod ni padi Mio an gunana sa sabong!”*

*Salin sa Filipino: “Shoot sa bagul talaga ang hula mo, ang manok nga talaga ni pareng Mio ang nanalo sa sabong!”*

Sa kabilang dako, inilalarawan ng idyomang “dupog” at pagiging talo o talunan. Ang dupog at literal na nangangahulugang tapal. Sa literal pakahulugan nito, kadalasan itong ginagamit kapag masakit ang ulo ay dinudupugan o tinatapalan ng dahong upang gumaling sa nararamdamang sakit. Mahihinuhang marahil ay naiugnay ang pagpapakahulugan ng idyomang ito ng mga taong unang gumamit na tila masakit sa ulo ang pagkatalo kaya kailangang ng “dupog” upang mawala ang nararamdamang sakit. Ayon sa *Axa Life Outlook Index*

noong 2007, pangalawa ang Pilipinas sa pinakamasasayang bansa sa Asya samantalang pumuwesto naman ito sa ika-38 sa daigdig noong 2008 ayon sa World Values Survey. Sinusugan ito ng National Statistical Coordination Board (NSCB) sa kanilang ulat na nagsasaad na halos 90% ng mga Pilipino ay pangunahing humuhugot ng kasiyahan sa kanilang pamilya, kalusugan, at relihiyon. (Petras, 2013). Ang mga Pilipino ay lahang masaya. Pinipili ng mga mamamayang maging masaya sa kabila ng mga hindi paborableng nangyayari sa buhay at kapaligiran. Ang pagbibiro ay isa lamang sa mga indikasyon ng katotohanang ito at siyang malinaw na sinasalamain ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon na kinalap sa pag-aaral na ito.

## **B. Pagpapahalaga**

Ang pagpapahalaga ay isang aspekto ng kultura kung saan masasalamain sa gawi ng mga mamamayan ang kanilang mga pinahahalagahan o binibigyan ng importansya sa buhay. Binibigyang puna ang mga pagpapahalagang hindi nagagwa ng maayos sa pamamagitan ng paggamit ng mga idyomatikong pahayag. Sa pag-aanalisa ng mananaliksik, nahinuhang may tatlong mga pagpapahalaga ang nakapaloob sa mga nakalap na idyoma.

### **B.1. Paggawa ng Mabuti o Kabutihang ng Asal**

Ang paggawa ng mabuti, kapag hindi nagagawa ng tama ay ang unang pagpapahalagang binibigyang-puna ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon. Napalilitaw ang kagustuhan o ang layong maging mabuti ang mga kilos o galaw ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpuna o pagpansin sa hindi magandang gawi. Ayon kay Jocano, (1999) mayroong tatlong pamantayan ng kabutihang asal. Una, hindi nakamiminsala sa kapuwa, pangalawa, hindi nakasasakit ng damdamin at ikatlo, hindi nakadudungis ng karangalan. Makikita sa mga idyomatikong ekspresyong “*halop na leon*” (maramot/gahaman), “*nakabuhay-minatay*” (sobrang chismosa) at “*makatol pa sa lingatong*”/ “*makatol pa sa gaway*” (malandi) ang pagpapakahulugang nabanggit ni Jocano tungkol sa kabutihang asal. Binigyang ekspresyon ito ng mga nakalap na idyoma sa pamamagitan ng pagpuna sa mga bagay na nakapinsala, nakakasakit at nakarurungis ng karangalan ng kapuwa.

Sa idyomang “*halop na leon*”, na kung bibigyang pakahulugan sa Filipino ay tumutukoy sa isang taong maramot at gahaman, makikita ang tahasang pagpuna sa hindi magandang kaugalian ng pagiging sakim. Sa paraang pagpaparinig ay kadalasang nilalayan ng nagsabi na maunawaan ng taong kaniyang pinaririrangan na hindi maganda ang ikinikilos nitong pagdadamot at pagiging gahaman. Ang parinig o pasaring ay pahayag sa Filipino na nangangahulugang isang hindi direktang patama, komento o innuendo. Ang isang taong nagpapasaring ay nagsasabi ng hindi maganda sa isang taong kausap niya o malapit sa kaniya na na nasasagap ng pandinig ng taong pinapatamaan o pinaparinggan niya, Alex, (2015). “*Makatol pa sa lingatong/ makatol pa sag away*” naman ang sawikaing ginagamit para tukuyin ang isang taong malandi. Ito ay kadalasang sinasabi sa mga babaeng hindi katanggap-tanggap ang ikinikilos patungo sa mga kalalakihan o kapuwa na mistulang dikit nang dikit o naghahanap ng atensiyon. Ang pagiging ‘malandi’ ay isang paraan upang mapansin ng ibang tao. Ito rin ay pagiging agresibo sa pagpapahiwatig ng damdamin sa opposite sex (Hui, Leechui at Yu, 2005).

### **B.2. Pagiging Maayos**

Ang pagiging maayos ay isa pa sa mga pagpapahalagang Gubatnon na nabatid mula sa mga idyomang nakalap. Ito ay nangangahulugang maayos na kilos o gawi. Ayon kina Navarro at Aguirre, (2017), isa sa mga pagpapahalagang Pinoy ay ang maayos na pakikisama o pakikitungo sa kapwa. Ilan sa mga tampok na idyomatikong pahayag na kasasalamainan ng pagpapahalagang ito ay ang mga sumusunod na sawikain: “*may sa tagulipnan*” (mailap), “*malin insablasyon sin mabaho*” (tamad) at “*balik sa parauway*” (naghirap muli). Ang mga tamad naman sa bayan ng Gubat ay madalas masabihan ng “*malin ka insablasyon sin mabaho,*” na kung isasalang diwa sa Filipino ay “para kang sinampayan ng mabaho” at kapag naman waldas o hindi marunong magpapahalaga sa pinagtrabahuan ay nasasabihan ng “*balik sa parauway.*” Ang ‘parauway’ ay isang uri ng mahirap na trabaho kung saan ang isang tao ay nangunguha ng mga ‘uway’ na ginagawang mga handicrafts upang ibenta. Sa madaling salita, ang isang taong bahagya nang umasenso a y bumalik muli sa paghihirap, malamang dahil nga sa hindi tamang pag-aalaga niya sa kaniyang mga kinita o pinagtrabahuan.

### C. Paniniwala

Ang pamumuna gamit ang mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon ay naiugnay rin sa paniniwala ng mga mamamayan. Ang paniniwala ang ay kadalasang nakabatay sa relihiyon, opinyon at mga nakagawian. Ito rin ay nagpapakita kung paano tinatanaw ng mga tao ang hindi alam o *unknown* at kung paano kaluluguran ang panginoong nagkokontrol sa hinaharap (Sta. Romana-Cruz, 1996). Ang “*pintahan na santo*” ay isang halimbawang idyoma tungkol sa paniniwala. Ito ay ginagamit pantukoy sa isang taong hindi palaimik o palakibo. Bagama’t isa ito sa mga idyomang hindi naman ganoon kanegatibo ang kahulugan kumpara sa iba, ipinahihiwatig pa rin nito na pagiging hindi palaimik ay isang bagay na kapuna-puna rin para sa mga mamamayan sa bayan ng Gubat.

### NAGPAPAKITA NG GEOGRAPIKAL NA KAKANYAHAN

Natatangi ang bayan ng Gubat lalong lalo na sa geograpiikal na katangian. Bagamat ito ay isang bayan na nasa gilid ng Karagatang Pasipiko, malaking bahagi rin ng bayan ang mayroong malawak ng mga kabukiran, kasukalan at kagubatan.

#### 2.A. Gubat sa Gilid ng Dagat (bilang isang *coastal town*).

Ito’y pumapatungkol sa lokasyon ng bayan na nasa gilid ng Dagat Pasipiko at makikita sa mga sawikaing sinasalita sa lugar ang repleksiyon ng katotohanang ito. Ang mga sumusunod na idyoma ay kakikitaan ng paggamit ng mga bagay o pakahulugang makikita o mamamalas lamang sa dagat o sa mga lugar malapit dito. Sa sawikaing “*lutaw an bapor*”, maaalala rito ang pagkakaroon pantalan noon sa bayan ng Gubat. Kung isasalin ito sa Filipino ay nangangahulugang ‘litaw ang bapor’. Ito’y ginamit upang maghain ng isang bagong kahulugan ng isang malaking sasakyang pandagat na ang tawag ay bapor. Sinasabi ito ng isang taong nagpapahayag ng kanyang saloobin tungkol sa pagkakaroon ng maalwan na buhay ng kaniyang tao o pamilyang inilalarawan. Narito ang isang halimbawang pangungusap na gumagamit ng nasambit na idyoma:

*“Mayad ine na pamilya san arasawhon mo kay lutaw an bapor, kayuonon, diri ka magsasakit sa buhay suon.”*

*Salin sa Filipino: “Mabuti itong pamilya ng napangasawa mo dahil lutaw an bapor, kayaman, hindi ka mahihirapan sa buhay niyan.”*

Kung tutunguhin ngayon ang *boulevard* sa barangay *Pinontingan* sa bayan ng Gubat, makikita ang mga guho ng isang pantalan na mayroon ang bayan. Ang *Pinontingan* ay kasingkahulugan ng salitang ‘pondohan’ ang lokal na salitang ang kahulugan ay daungan. Noong sinaunang panahon ay hindi pa konektado ang Gubat sa ibang bayan sa probinsiya ng Sorsogon sa pamamagitan ng mga kalsada kung kaya’t ang pangunahing moda ng transportasyon lalo na ng mga negosyante ay sa pamamagitan ng mga sasakyang pandagat (Gubat Municipality and Sorsogon Province Facebook Page, 2020). Ito ang dahilan kung bakit nakakakita ng mga bapor noon ang mga tao na maaaring naging inspirasyon upang mabuo ang sawikain ito na ginagamit upang bigyang-ekspresyon ang pagtukoy sa isang tao o pamilyang maalwan ang buhay.

Sa idyoma namang “*daghan an togok*” na ginagamit upang ilarawan ang isang kasiyahan o pagdiriwang na marami ang hindi naman kasali o inimbitahan ngunit naroon, kung saan ang “*tugok*” ay nangangahulugang mga tiratirang isda, isdang hindi naman na pinipili sa batya ng mga nahuli, o mga huling hindi napakikinabangan ay nagbibigay ng implikasyong dahil nga isang coastal town ang bayan ng Gubat, makikita ang mga aspekto ng karagatang nakahalal sa pananalita sa naturang bayan. Ganito ginagamit sa pangungusap ang naturang idyoma:

*“Sigurado kukulangon yuon na handa nira madi nan padi sa kasal nira kay daghan an togok dine sa ato.”*

*Salin sa Filipino: “Siguradong kukulangin ang handa nila mare at pare sa kasal nila kasi daghan an togok dito sa atin.”*

Makikita naman sa idyomang “hub’san-tauban” na sa literal na kahulugan ay tumutukoy sa pagtaas at pagbaba ng tubig sa dagat, ang larawang-diwang ginamit upang tukuyin ang isang sitwasyon na pagkatagal kagaya na lamang ng isang batang umiiyak. Kapag ito ay ginamit sa ganitong paraan, ang nais ipakahulugan ng gumamit ng idyomang ito ay matagal umiyak ang bata at mahirap patahanin. Narito ang isang halimbawang pangungusap:

*“Hub’san-tauban yuon sin ngiyab na bata, awaton kon nahibi. Marasa pa kay may natagal suon an parabantay.”*

**Salin sa Filipino:** *“Hub’san-tauban iyang batang iyan sa kangangawa, ang tagal kung umiyak! Pambihira’t may nakatatagal magbantay niyan.”*

Ang idyomang “*napunaw*” na ginagamit naman upang ilarawan ang isang sitwasyon kung saan ang isang tao ay gutom na gutom na, binigyang ekspresyon ang isang gawain ng mga tao na nakatira malapit sa malapit sa mga dalampasigan sa ng bayan ng Gubat. Ang salitang *napunaw* ay nanggaling sa salitang “*punaw*” na tumutukoy sa isang uri ng yamang dagat na kinakain(seafood/shell). Ang yamang dagat na ito ay makukuha sa pamamagitan ng pagsisiksik ng buhangin gamit ang mga paa. Ayon sa pagpapaliwanag ni Aldrin Estipona,50, kasalukuyang punong guro ng Gubat North Central School nang siya ay makapanayam noong Oktubre, 2023, hindi madaling makakuha ng sapat na bilang ng mga punaw para mailuto at makain kung kaya’t kinakailangang gumugol ng maraming oras upang makatipon ng sapat na dami nito. Ayon sa kaniya, iyon marahil ang dahilan kung bakit naikonekta ng mga taong naunang gumamit ng salitang “*napunaw*” upang ipakahulugan sa taong sobra nang gutom. Narito ang isang pangungusap na gumagamit ng nasambit na idyomatikong pahayag:

*“Napunaw ako san grabi kaawat matapos san trabaho namo na mga maestra san nakaagi na eleksiyon!”*

**Salin sa Filipino:** *“Napunaw ako sa sobrang katagal matapos ng trabaho naming mga guro noong nakaraang eleksiyon!”*

Ang bayan ng Gubat ay isang bayang nasa gilid ng karagatang pasikipiko. Ang bayang ito noon ay naging midyor ng kalakalan. Ang Almacenes o koleksiyon ng mga kabahayan ay iniyos at doon inilagak ang mga produktong abaka upang doon iproseso. Ang mga kabahayang ito ay nasa gilid ng *Pacific coastline* ng Gubat mula Balud hanggang Pinontingan. Ang ilan sa mga inpraturang ito ay makikita pa hanggang sa ngayon. Ang mga Batels o malaking sasakyang pandagat na tinatawag ding bapor na may kargang abaka mula sa Samar at Leyte ay lingguhang dumadaong sa bayan ng Gubat (Dery, 2015)<sup>22</sup>

## **2. B. Isang Agrikultural na Bayan din ang Gubat**

Bukod sa pagiging isang *coastal town*, ang Gubat ay isa ring agrikultural na bayan. Ibig sabihin, hindi lamang ang dagat ang pinagkukunang-kabuhayan ng mga tao sa lugar kundi pati na rin ang pagsasaka at pagtanim. Masasalaming ito sa mga sumusunod na idyomang tampok ang mga bagay na patungkol sa mga agrikultura at bagay na makikita sa bukid o palayan: “*shoot sa bagul*”(mula sa niyog), “*nauuna an pakamang sa karabaw*”(sa bukid),“*balik sa parauway*”(trabaho sa bukid), “*mabogason*”(palayan).

Patunay ito na may mabubuon mga salita sa agrikultura o sa paghahanap-buhay ng mga Gubatnon o rehistro ng wika. Ito ay isang paraang ng pagsasalita o paggamit ng wika sa iba’t ibang bagay na kasalaminan sa panlipunang proseso kagaya ng dibisyon ng paggawa, ng konteksto, mga tiyak na aktibiti at kaugnay na rin sa paggamit ng wika sa komunikasyon sa rehistro. Ang bawat okupasyon, propesyon o paksa ay may kanya-kanyang varayti ng wika na ginagamit at ang magkakatulad sa mga okupasyon, propesyon o paksa ang nagkakaintindihan sa kadahilanang sila ay nagkakaroon ng interaksyon at nagkakaunawaan.

Sa idyomatikong pahayag na “*shoot sa bagul*” tampok ang pagiging malikhain sa paggamit ng salita ng mga tao sa bayan ng Gubat. Kakikitaan ang payahag na ito ng paghahalo ng dalawang lenggwahe, ang Ingles at



Filipino upang maitawid ang isang natatanging kahulugan. Ang partikular na idyomang ito ay pinaghalong Ingles: shoot, Filipino:sa at Bikol Gubat: *bagul*(iyong matigas na bagay sa niyog kung saan nakapaloob ang laman ng buko. Ginagawa ring uling ang mga bagul upang magamit sa pagluluto.

Ito ay ginagamit upang bigyang ekspresyon ang kahulugang *tumpak* o eksakto kagaya ng kapag nahulaan ng isang tao kung sino ang mananalo sa Miss Universe pageant bago pa man magsimula ang patimpalak. Narito ang isang halimbawang pangungusap sa wikang Gubatnon at ang natatanging salin nito sa Filipino:

*“Shoot sa bagul an hula ko na si Catriona Gray talaga an magana na Miss Universe!”*

**Salin sa Filipino:** *“Shoot sa bagul ang hula ko noong 2018 na si Catriona Gray talaga ang mananalo bilang Miss Universe.”*

Ang “nauuna an pakamang sa karabaw” naman ay isang idyomang nagbibigay ekspresyon sa paglalarawan sa isang sitwasyong nagaganap ngunit hindi pa naman dapat mangyari kagaya ng maagang pag-aasawa. Maaari itong gamitin sa pangungusap na ganito:

*“Napag-alaman naming buntis ang bunsong anak ni Berting na desisais anyos palang. Ang hirap talaga kapag “nauuna an pakamang sa karabaw”.*

Ang pakamang ay iyong bagay na hinihila ng kalabaw. Kadalasan itong may kung ano-anong laman kagaya ng mga sako ng palay, mga produktong galing sa bukid, mga tao o kung ano pa mang kailangang ibyahe na nangangailangan ng lakas ng kalarabaw o kalabaw sa Filipino gamit ang *pakamang*. Ang mga bagay na ito’y nagpapakita ng pamumuhay ng mga tao sa bayan ng Gubat kung saan ito madalas makita, magamit at madanas.

## **NAGPAPAKITA NG KASAYSAYAN**

Nagpapakita ng kasaysayan ang mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon. Ang salitang “kasaysayan” ay nagmula sa salitang Griyego na “historia,” na nangangahulugang “pag-aaral sa mga nakaraang pangyayari.” Ang kasaysayan ay hindi lamang isang talaan ng mga pangyayari, kundi isang malalim na pagsusuri at interpretasyon ng mga ito.(sanaysay.ph/Sanaysay Editorial Team, July 5, 2023). Ang mga sumusunod na idyomatikong ekspresyong Gubatnon ay kakikitaan ng mga signipikong paksyon ng kasaysayan ng bayan: 1. “Lutaw an bapor” (mayroong pantalan noon sa Gubat kaya nakakakita ng mga bapor noon ang tao, 2. “Nagsirirway an Beatles”, 3.“Silag na an katso” (mga panahong usa pa ang larong siyatong), 4.“May sa Tagulipnan” (panahong uso pa ang kuwentuhan tungkol sa Tagulipnan), 5.“Bilog an kulo” (mga panahon na kapag may sapatos ka ay indikasyon ng kaalwahan ng buhay), 6. “Daw-iton”(itatawid) at 7. “Huyop sa lusong”(karma).

Sa idyomang “lutaw an bapor” na kung isasalin sa Filipino ay “litaw ang bapor(malaking sasakyang pangdagat) makababalik sa sinaunang anyo ng bayan ng Gubat noong mayroon pa itong pantalan kung saan kakikitaan ng mga sasakyang pangdagat na paroo’t parito sa lugar. Wala nang pantalan ngayon sa bayan ng Gubat ngunit kung tutunguhin ang boulevard sa barangay Panganiban, makikita ang guho ng sinaunang daungan na animo’y nag-aayang balikan at sariwain ang nakaraang kasaganahan ng bayan hatid ng sistema ng kalakalan at transportasyong pangdagat. Ang idyomatikong ekspresyong ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang taong maalwan ang buhay, isang taong ang buhay ay nakaaangat at hindi nakalubog o naghihirap. Inipinapakita lamang nito ang malinaw na asosasyon ng ilang mga idyomang nakalap sa kapaligiran at kasaysayan ng isang lugar na nakaukit sa wika ng lugar.

Sa idyomang “silag an katso” naman, kung saan tampok ang isang salitang Gubatnon na “katso” o “taya” sa Filipino at “silag” na malapit ang kahulugan sa salitang bakat o halata ang isang bagay na nasa ilalim ay nangangahulugan halata o kita na kung sino ang matatalo sa laro. Sinasariwa ng idyomatikong ekspresyong ito ang sinaunang kultura ng paglalaro ng siyatong ng mga bata sa Gubat noon. Ayon kina Barker at Barker (1993) na nabanggit sa pag-aaral nina Nuncio, et. al. (2014) ang nakaraan, kasalukuyan at ang hinaharap ay ikinukunekta ng wika. Ang kultura at tradisyon ay napepreserba rin sa pamamagitan ng wika. Ang mga

henerasyon sa hinaharap ay matututo mula sa kasaysayan at makaiiwas na muling magkamali o maykakaroon sila ng oportunidad na ituwid ang mga dating nagawang mali. Sa ganitong panuntunan, masasabing malinaw na napepreserba ng wika, partikular ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon ang kasaysayan ng bayan na Gubat na mahalaga upang ang mga susunod na henerasyon ay mayroong maaring pag-aralan kung kanilang kakailanganin.

### **Mga Sinasalaming Elemento ng Kultura ng Bawat Idyomatikong Ekspresyong Gubatnon**

Higit sa lahat, ang identidad ayon kay Agcaoili (2010), marami sa mga Pilipino ang walang ganap na pagkaunawa sa kanilang nasyon at ang kakulangang ito ang sinasabing isa sa mga dahilan kung bakit walang tunang na pagmamahal sa bayan ang mga mamamayan. Ang mga idyomatikong ekspresyong nakalap ng tagapagsaliksik ay malinaw na repleksiyon ng kultura at tradisyon ng bayan ng Gubat na muling nagpapakilala sa isang Gubatnon kung sino siya. Ito ay makikita sa mga sumusunod na talaan.

#### **A. Kaugalian**

Ang kultura ay gintong pamana sa mga Pilipino ng mga ninuno nito na kailangang panatilihin at pagyamanin. Ito rin ang nagdudugtong ng pamumuhay ng mga tao mula sa nakaraan tungo sa kasalukuyan at nagsisilbing pagkakakilanlan ng isang lahi. Ang panitikan at kultura ay may kaugnayan sa isa't isa sapagkat lilipas man ang panahon, hindi maitatwa ng isang lahi na naging kasangkapan ang mga ito upang mapaunlad ang kalinangan at repleksyon ang pantikan sa kultura na kapwa magagamit ng mga susunod na salinlahi. Tiningnan ng panitikan ang kultura nang malaliman, Llaneta, (2020). Makikita sa talaang ito ang kaugalian ng mga tao sa bayan ng Gubat na nabigyang ekspresyon ng ilan sa mga sawikaing nakalap ng tagapagsaliksik. May apat na mga kaugaliang malinaw na nabigyang pansin mga idyomang ito. Una, ang pagiging palatawa, ikalawa'y ang paggamit ng talinghaga sa pagpapasaring kapag namumuna o nagsasabi ng hindi magandang bagay na nakikita sa kapuwa, ikatlo ay ang pagiging maligalig, malikot at pasaway at ang huli'y ang pagiging tamad o mabagal kumilos.

Binigyang ekspresyon ang pagiging palatawa ng mga tao sa bayan ng Gubat ng mga sawikaing, “punusngak”, “Ula-ula” at “Mabogason” bilang unang kaugaliang tampok ng mga idyomang nakalap ng tagapagsaliksik. Sinalamin ng mga ito ang hilig sa pagtawa ng mga mamamayan. Malinaw na naiugnay o nailarawan ito sa pamamagitan ng paggamit ng literal na kahulugan ng mga bagay na matatagpuan sa bisinidad bayan. Ang idyomang “*punusngak*” na may literal na kahulugang biglang pagsabog o pagkalat ng tinta ng pogita na ginagamit upang ilarawan ang isang taong biglang sumabog sa katatawa, makikita ang paggamit ng isang nilalang na matataagpuan sa dagat, ang pogita. Makikita sa paggamit ng idyomang ito ang malinaw na kaalaman ng mga tao sa behavior o kilos ng pogita na kadalasang nahuhuli rin sa mga kagatan sa bayan ng Gubat at kung paanong ginamit ang kaalamang ito upang maghatid ng bagong pakahulugan sa paggamit nito bilang paglalarawan sa isang taong biglang natawa.

Sa idyomang “ula-ula” naman, na may literal na kahulugang tapon nang tapon, isaing bagay na kadalasang makikita o mabibigyang larawang-diwa kapag nag-iigib sa poso at tapon nang tapon na ang tubig dahil puno na ang balde, makikita ang pag-uugnay ng pagbibigay-kahulugan ng mga mamamayan sa sinaunang pamumuhay ng mga tao sa lugar. Noon ay wala pang mga gripo at poso pa lamang ang pinagkukunan ng tubig sa lugar o di kaya ang sagurong o iyong mga natural na tubig na basta na lamang dumadaloy sa gilig ng mga burol. Bibigyang bagong kahulugan ang salitang ‘ula-ula’ sa paggamit nito upang ilarawan naman ang taong tawa nang tawa marahil kagaya ng sagurong na hindi tunitigil sa paglabas ng tubig.

Ang ikatlong tampok na idyoma bilang pagpapakahulugan sa pagiging palatawa ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat ay ang “mabogason”. Maraming bigas ang literal na kahulugan ng idyomang ito. Marami sa mga tao sa bayan ng Gubat ang mga magsasaka na isang patunay na totoong mayroong danas sa nasabing salita ang mga tao sa lugar. Ang idyomang ito ay ginagamit upang ilarawan ang isang taong tawa nang tawa at nagpapakita ang hilig sa pagtawa at pagpapatawa ng mga mamamayan ng bayan ng Gubat. Ang ikalawang kaugaliang itinatangap ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon at ang ugaling pagpapasaring o hindi

pagsabi ng direkta ng mga hindi magandang bagay na napupuna sa kapuwa. Ugali sa bayan ng Gubat ang magpasaring na lang at umasang mauunawaan ito ng pinasasaring na siya ang pinatutungkulan at na maiayos niya na hindi kaaya-ayang kaugaliang napuna.

Sa idyomatikong ekspresyong “*nakabuhay-minatay*”(sobrang chismosa), makikita na hindi direktang binabanggit ang pamumuna sa pagiging chismosa ng kapuwa. Narito ang isang halimbawang pangungusap kung saan ginagamit ang pahayag na ito:

*"Ayaw suon pakiamiga kan Chichi kay lintian nakabuhay-minatay yuon san karaot suon magsurumaton manongod sa kapwa."*

**Salin sa Filipino:** “*Huwag kang makipagkaibigan diyan kay Chichi kasi lintian, nakabuhay-minatay yan kung magsalita tungkol sa kapwa.*”

Ipinakikita ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon na nabanggit ang katotohanang bagama’t naglalayong bigyang-pansin o puna ang mga hindi magagandang kilos at gawi ng kapuwa, marahil itinutulak pa rin ng pagkalahatang kabaitan ng mga mamamayan ng may paghuhunod-dili o pag-hihinay-hinay na masaktan ang damdamin ng kapuwa kung kaya idinadaan na lamang sa mga idyoma ang mga nais sabihin.

Kakulitan ang ikatlong kaugaliang tampok ng mga idyomatikong ekspresyong sumasalamin sa kultura ng bayan ng Gubat. Ang mga sumusunod na idyoma ay nagpapakita ng kaugaliang ito: 1. “*Insilisihan*” (maligalig/marubdob) 2. “*nagkakamol an samingkig*” (maligalig), 3. “*diri nasusupo*” (hindi napapapigil/ mailap), 4. “*may arong sa rapadapa*” (mahilig gumala) at 5. “*insapo na langaw*”(mailap/ pasaway na bata). Mahihinuha sa mga idyomang ito ang sadyang pagbibigay pansin sa kaugaliang ito ng mga kabataan na sa isang banda marahil at nakatutuwa, sa kabilang banda naman ay nakikitang dapat sawayin o itama.

Ang ikaapat na kaugalian bilang elemento ng kulturang Gubatnon na bininigyang ekspresyon ng ilan sa mga idyomang nakalap ay ang pagiging tamad o mabagal kumilos. “*Malin insablayan sin mabaho*(parang sinampayan ng mabaho, sa Filipino)” ang idyomang sinasabi ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat sa pagtukoy at pagpuna sa katamaran ng isang tao. “*Nagmamara an gira*”(mabagal) naman ang kadalasang sinasabi sa isang taong labis ang bagal maglakad. Narito ang isang halimbawang pangungusap kung saan ginamit ang nabanggit na idyoma:

*"Aysus, na hugak mo, Nene! Malin ka insablayan mabaho."*

**Salin sa Filipino:** “*Aysus, ang tamad mo, Nene! Malin insablayan sin mabaho, ka.*”

Ang katamaran ay isang kaugaliang namana. Ayon sa pilosopong si Emerita S. Quinto(1929-2017)isa lamang ito sa apat gawi ipinamana ng mga dayuhang mananakop. Ang mga ugaling *bahala na* at mañana ay ilan lamang sa mga gawi na tumutukoy sa pagiging tamad (Abenes & Mahaguay, 2017)<sup>27</sup>. Naipakikita ang katotohanang ang mga idyomatikong ekspresyong nabanggit na ilan sa mga kaugaliang makikita sa mga mamamayan ng bayan pinagkuhanan ng datos ang katamaran at mabagal na pagkilos.

## **B. Paniniwala**

Ang paniniwalang Pilipino ay ang identidad ng lahing ito. Maaaring sa kasalukuyang panahon ay marami na ang pumipiling isantabi ang mga ito at hindi bigyan ng importansya, ngunit hindi maaaring pagdudahan na marami pa rin ang naniniwala na may mga bagay na hindi nakikita at may mga bagay na hindi nauunawaan ngunit sadyang nangyayari, totoo man o hindi. Ang pangalawang sinasalaming elemento ng kultura ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon ay paniniwala. Ang paniniwala ay ang mga kaisipang umiiral at pinaniniwalaan sa isang lugar. Ang mga Pilipino ay isa sa mga tao sa mundo na likas na may maraming pinaniniwalaan at pilit nila na ipinapaliwanag ang isang reyalidad na hindi kayang ipaliwanag. Ang mga paniniwala – o mga pinaniniwalaang mga nilalang na hindi nakikita ngunit nakatira sa mundong ibabaw, makapangyariha’t nangunguha ng kaluluwa, at maging rin ang mga pamahiin sa Pilipinas gaya ng “sukob” na

ang ibig sabihin ay mamalasin ang magkapatid na nagpakasal sa loob ng isang taon, ay kilala sa iba't ibang dako ng rehiyon at probinsya ng Pilipinas. Nangaling sa iba't ibang mga kasabihan at pamahin ang paniniwalang ito ng mga nakatatanda na may layong pigilan ang maaaring mangyaring kapahamakan at para maiwasan ng isang tao na gumawa ng isang partikular na gawain ng pingangambahang kaniyang ikapapahamak. Ang paniniwala ay galing sa mga tradisyon, ugali at kultura na pilit na ipinapaliwanag ang isang kamangha-manghang pangyayari o upang manakot. (Catipay, 2019).

Malaki ang impluwensiya ng mga pamahin sa buhay ng mga Pilipino bilang isang kaugaliang namana sa ating mga ninuno na pauloy pa rin isinasabuhay ng karamihan. Ang hindi pagsunod sa mga pamahin ayon sa mga nakatatanda ay nagdudulot ng kamalasan o kasawian. Malaki ang pagpapahalaga rito ng mga Pilipino bilang isang paghahanda sa anumang manyayari sa hinaharap, kaugaliang pinoy ang pag-iingat sa kapahamakan (Amat, 2021). Ang sawikaing “may sa tagulipnan” ay isang malinaw na repleksiyon ng sinaunang paniniwala ng mga tao sa bayan ng Gubat. Kung isasalin ito nang literal sa Filipino ito ay nangangahulugang mayroong mga katangian ng tagulipnan. Ginagamit ito upang ilarawan ang isang taong mailap o palaging umiiwas, o mahirap matagpuan. Tagulipnan ang pangalan ng tampok na rabrab ay isang malaking ibong dumadagit at kumakain ng mga sanggol noon sa bayan ng Gubat ayon sa epikong Ginubat na isinatitik mula sa pagsasalang-bibig na kuwento ni Buddy España, (1994). Ang nilalang na ito ay labis na kinatatakutan ng mga tao noon ayon sa epiko. Ito ay hindi madaling matagpuan at madaling kumilos kung kaya't hindi madaling mahuli.

Sa sawikaing namang “may arong sa rapadapa”, tampok ang isang paniniwala ng mga mamayan tungkol sa pagiging gala ng isang tao kung mayroon irong arong o nunal sa talampakan. Ang sawikaing ito ay ginagamit upang ilarawan ang isang taong mahilig gumala o hindi natitiis na hindi gumala o umalis ng bahay. Wala pang siyentipikong eksplanasyon ng pagkakaugnay ng nunal sa talampakan sa kahiligan sa paggagala ngunit, ito ay alam ng mga mamamayan sa lugar at patuloy pa ring ginagamit sa pakikipagtalastasan. May kahulugan ang nunal sa paniniwalang Filipino. Depende ito sa kung saang parte ng katawan makikita ang nunal. Ang “may arong sa intuturuan sin luha” naman ay isa ring sawikaing napapakita ng paniniwala ng mga mamamayan sa Gubat na may kaugnayan sa lugar o parte ng katawan na may arong o nunal ang isang tao. Ayon sa mga kinapanayam, kapag ang isang tao ay *may arong sa intuturuan sin luha* o may nunal sa tinutuluan ng luha kung isasalin nang literal sa Filipino, ang taong ito ay nakatadhanang maging laging mabalo, o kung sa Filipino ay biyuda o biyudo.

### C. Pagpapahalaga

Ang mga tao sa bayan ng Gubat ay may iba't ibang bagay na pinahahalagahan. Dito umiinog ang pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan sa nabanggit na bayan. Nagiging sukatan ng kaginhawaan at kaayusan ng mga mamamayan kung ang mga pagpapahalagang ito ay nabibigyang katuturan. Ayon kay Jocano, (1992) na banggit sa pag-aaral ni Alvarez, (2019), maaari ring isalin ang pagpapahalaga o “values” bilang pamantayan na madalas ding isalin bilang “standard”. Tinutukoy nito ang antas ng pagtanggap sa katangian ng paguugali at gawi. Ginagamit rin itong pantulong sa pagpili ng mga ninanais, pagsukat sa kung ano ang gusto o hindi, at sa pagdedesisyon sa mga bagay na dapat gawin, kumbaga, ang mga etikal at moral na hakbanging makikita sa pag-iisip, paniniwala, at paggawa.

Mayroong apat na tiyak na paksain tungkol sa pagpapahalaga ang binigyang katuturan ng mga idyomatikong ekspresyong nakalap ng tagapagsaliksik. Ito ay ang 1. Paggawa ng Mabuti (sa pamamagitan ng pagpuna o pagpansin sa hindi magandang gawi, napapalilitaw ang kagustuhan sa kabutihan), 2. Pagiging Maayos (sa pamamagitan ng pagpuna sa mga bagay na hindi maayos, naipalilitaw nan ais ng mga mamamayang gumagamit ng mga ekspresyong ito nang maayos na mga kilos at galaw)3. Pagkakapantay-pantay (fairness) at 4. Katuwaan/ Pagsasaya/ Pagdiriwang/ Konswelo. Nabibigyang-ekspresyon ang kagustuhan o ang layong bumuti ang mga kilos o galaw ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpuna o pagpansin sa hindi magandang gawi. Sinalamin ang hinuhang ito sa mga sumusunod na idyomatikong ekspresyong “lanahan”(uto-uto), “diri-nadidiyudiyu'an” (madamdamin/ balat sibuyas) at “naghahanap sungay sin karabaw”/ “parahanap sin sungay sin karabaw”(laging naghahanap o nag-iisip ng masama sa kapwa).

Sa idyomang “lanahan”, na kung bibigyang kahulugan sa Filipino ay tumutukoy sa isang taong uto-uto o madaling maloko, makikita ang tahasang pagpuna sa hindi Magandang kaugalian ng pagiging sakim. Sa paraang pagpaparinig sa isang tao na kinakikitaan ng pag-uugaling madaling maloko ay kadalasang nilalayo ng nagsabi na maunawaan ng taong kaniyang pinaririrangan na hindi maganda ang ikinikilos nito. Maaaring gamitin ito sa ganitong pangungusap: Halimbawang Pangungusap:

*“Mao yun si Dingay an sugua kay lanahan yuon. Sabihan mo lang yuon magayon siya, masunod na yuon sa imo.”*

*Salin sa Filipino: “Iyan si Dingay ang utusan mo kasi lanahan iyan. Sabihan mo lang ‘yan ng maganda s’ya, susunod na ‘yan saiyo.”*

“Makatol pa sa lingatong/ makatol pa sag away” naman ang sawikaing ginagamit para tukuyin ang isang taong malandi. Ito ay kadalasang sinasabi sa mga babaeng hindi katanggap-tanggap ang ikinikilos patungo sa mga kalalakihan na mistulang dikit nang dikit o naghahanap ng atensiyon.

### **c.1. Pagiging Maayos**

Ang pagiging maayos ay isa pa sa mga pagpapahalagang Gubatnon na nabatid mula sa mga idyomang nakalap. Ito ay nangangahulugang maayos na kilos o gawi. Isa sa mga pagpapahalagang Pinoy ay ang maayos na pakikisama o pakikitungo sa kapwa. Sa pamamagitan ng pagpuna sa mga bagay na hindi maayos, napalilitaw ang pagnanais ng mga mamamayang gumagamit ng mga ekspresyong ito sa layong umayos ang gawi ng taong pinapatungkulan o na malaman niya ito upang maitama o maiayos niya. Ilan sa mga tampok na idyomatikong pahayag na kasalaminan ng pagpapahalagang ito ay ang mga sumusunod na sawikain: “may sa tagulipnan” (mailap), “malin insablasyon sin mabaho” (tamad) at “balik sa parauway” (naghirap muli).

Ang mga tamad naman sa bayan ng Gubat ay madalas masabihan ng “malin ka insablasyon sin mabaho,” na kung isasaling diwa sa Filipino ay “para kang sinampayan ng mabaho” at kapag naman walda o hindi marunong magpapahalaga sa pinagtrabahuan ay nasasabihan ng “balik sa parauway.” Ang ‘parauway’ ay isang uri ng mahirap na trabaho kung saan ang isang tao ay nangunguha ng mga ‘uway’ na ginagawang mga handicrafts upang ibenta. Sa madaling salita, ang isang taong bahagya nang umasenso a y bumalik muli sa paghihirap, malamang dahil nga sa hindi tamang pag-aalaga niya sa kaniyang mga kinita o pinagtrabahuan.

### **c.2. Katuwaan/ Konswelo/ Biro**

Itinatampok rin ng mga idyomang nakalap ng mananaliksik ang pagiging mapagbiro ng mga tao sa bayan ng Gubat. Makikita ito sa mga sumusunod na idyomatikong ekspresyong: “nagbahog-pato(patungkol sa taong sumuka dahil sa sobrang kalasingan)”, “punutok an ice candy(patungkol sa isakng taong naihi sa saluwal dahil sa labis na kalasingan)”, “naghigop-sabaw(patungkol sa pagpapakasal o handaan sa kasal)”, “shoot sa bagul( patungkol sa isang bagay na tumpak)”, at “dupog(talo o talunan)”. Ang pag-inom ng alak ay isang kasanayan ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat marahil kagaya rin ng sa ibang lugar sa atin bansa magmula pa noong ipamana sa atin ito ng mga dayuhan.

May dalawang idyomatikong ekspresyong nakalap ang tagapagsaliksik sa pabirong pagpapatungkol rito ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat, ang “nagbahog-pato” kung literal na isasalin sa wikang Filipino ay nagpakain ng itik, inilalarawan nito ang isang taong sumuka dahil sa sobrang kalasingan, inihalintulad and suka sa “sagmaw” na madalas ay kinakain ng mga itik sa bayan. Ang “punutok an ice candy”, na kung sa Filipino ay pumutok ang ice candy, ito’y ginagamit upang ilarawan ang isang taong naihi sa saluwal dahil sa labis na kalasingan)na iniugnay sa imahen ng likidong tumulo mula sa plastic ng ice candy na pumutok o nabutas ang imahen ng taong naihi dahil sa labis na kalasingan ay hindi na niya namalayan ang kaniyang sarili. Sa awiting kilala sa bayan ng Gubat, ang “*An Baho Sin Hubog*” (Ang Amoy Ng Lasing), na kinumposo ni Magic Ereño, mapakikinggan ang isang nakakatawang kuwento ng isang manginginom na asawa at kung paanong ang misis niya ay hindi masaya sa pagiging lasinggero ng kaniyang mister. Ito ay nagpapakita ng kultura ng

pag-inom na malawak pa rin maoobserbahan sa bayan hanggang sa ngayon. Mayroong ding sawikaing ginagamit upang pagpahayag ng kaangkupan, ito ay “shoot sa bagul”. Ito ay nangangahulugang tumpak, tama o eksakto. Ang bagul ay iyong matigas na bagay sa loob ng niyog kung saan makukuwa ang kopra o lamang ng buko at kinapapalooban rin ng sabaw ng buko.

Makonswelo namang inilalarawan ng idyomang “dupog” at pagiging talo o talunan. Ang dupog ay literal na nangangahulugang tapal. Sa literal pakahulugan nito, kadalasan itong ginagamit kapag masakit ang ulo ay dinudupugan o tinatapalan ng dahong gumaling sa nararamdamang sakit. Mahihinuha marahil ay naiugnay ang pagpapakahulugan ng idyomang ito ng mga taong unang gumamit na tila masakit sa ulo ang pagkatalo kaya kailangang ng “dupog” upang mawala ang nararamdamang sakit. Karaniwang nagpapakita ng kulturang mayroon ang Pilipinas ang kaugaliang pagbibiro. Kaiba sa ibang bansa, ang pagbibiruan sa Pilipinas ay kadalasang nagsisilbing *coping mechanism* ng mga Pilipino sa mga panahong may pinagdaananang suliranin. Nagpaphiwatig rin ito na nagagamit ang pagbibiruan bilang pagdadamay sa oras ng kalungkutan o kagipitan upang hindi gaanong maging mabigat ang epekto ng mga problema sa kanilang buhay, sikolohiya at wika.

Sinasabing pangunahing batayan ang wika sa paghubog ng kultura. Ito ang nagsisilbing pagkakakilanlan ng bawat isa. Kung nais mong suriin ang kultura ng isang lahi, kinakailangang pag-aralan ang wika nito. Bukod dito, ang wika rin ang nagbubuklod sa tao upang manatiling nagkakaisa at nagpapahalaga sa kanilang kultura (Marasigan, et. al, 2018). Hindi na mapipigilan ang ragasa pagbabagong nagaganap sa kasalukuyang panahon hatid ng mass media at makabagong teknolohiya lalong-lalo na ang malaganap na paggamit ng cellphone, iPad, at tablet ng mga kabataan at ng maraming tao hindi lang sa Pilipinas kundi sa buong mundo, Nuncio, et. al. (2014). Kailangang na itong sabayan ng pagsalba sa kung anong wika ang mayroon tayo sa ngayon kung nais nating mapreserba ang kulturang kinakanlong nito.

#### **D. Simbolo**

Ang simbolo ay anumang bagay na makahulugan. Ito’y senyales ng pagkakakilanlan at ito’y mayroong mga kahulugan na kung saan ang lahat ng nakakaalam nito ay magpagkakapareho ng pagkaunawa, (Dąmbska, 1982). Mayroong mga simbolo ng lahi na nahinuha sa mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon na nakalap at ang mga ito ay makikita sa talahanayan sa ibaba. Dalawa ang simbolo ng lahi na makikita sa idyomatikong ekspresyong “*nauuna an pakamang sa karabaw*” na ginagamit sa tuwing binibigyang puna ang isang sitwasyon o pangyayaring hindi naaayon sa tamang daloy o takbo ng pagkakataon. Una, ang salitang *pakamang* na kung isasalin sa Filipino ay *kareta*. Ito ay ang bagay na hinihila ng kalabaw sa bukid na maaaring sakyang at kadalasang kinakargahan ng mga mabibigat na bagay na hindi kayang dalhin ng tao kagaya ng mga sako ng palay o bigas. Ito ay matatawag na simbolo ng Gubat dahil makikita ang bagay na ito sa maraming lugar sa bayan.

Ang ikalawa naman ay ang *karabaw* na sa Filipino ay kalabaw. Ito ay isang hayop na katulong ng mga magsasaka sa palayan. Bagama’t hindi na ganoon karaming ang makikitang karabaw sa mga bukid ngayon sa bayan ng Gubat, alam at kilala pa rin ng mga mamayan ang hayop na ito bilang likas na mayroon sa kapaligiran at sumisimbolo ng pamumuhay sa bayan ng Gubat. Kagaya rin ng *kapamang* at *karabaw* ang *bogas*(bigas) sa idyomatikong pahayag na mabogason kung saan ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang taong tawa nang tawa ay maituturing ding pagkakakilanlan ng bayan dahil malaki ang bahagi ng Gubat na nakatoon sa produksiyon ng palay at bigas. Alam ng mga mamamayan ang literal na kahulugan ng salitang ito maging ang matalinghaga.

Ang *bagul*(matigas na bagay sa loob ng niyog na kinapapalooban ng sabaw at laman ng buko) sa idyomang “*shoot sa bagul*” ay isa ring bagay na alam ng nakararami at talagang makikita sa maraming lugar sa bayan. Ito ay isang malinaw na bagaw na maaring magsimbolo sa lugar pagkat ang kahulugan nito ay batid ng mga mamaamyan. Simbolo ring maituturing simbolo ang salitang *tagulipnan*(*isang halimaw sa kuwantong bayan na Ginubat*) sa idyomatikong ekspresyon na “*may sa tagulipnan*” na ginagamit sa paglalarawan sa isang taong mailap o mahirap matagpuan. Ang kahulugan nito ay natatangi sa bayan ng Gubat at hindi makikita o mahahanap kung saan man.

Pang huli, ang punaw. Ito ay using uri ng yamang dagat na mayroong kabibe at nakukuha sa pamamagitan ng pagsudsod ng mga paa sa buhanginan upang maipang-ulam. Ito ang salitang-ugat ng idyomatikong “napunaw” na may idyomatikong kahulugan na labis na nagutom. Hindi kasi madaling makatipon ng mga ito nang sapat upang maipang-ulam. Gugugol ng maraming oras sa pagkuha nito para makakain. Ang bayan ng Gubat ay nasa gilid ng Pasipiko kung kaya ang salitang ito ay isang simbolo ng pagiging *coastal* na bayan ng Gubat. Ang simbolo ay repleksiyon ng isang mas nakatataas na realidad at ito ay nagpapahiwatig ng relasyon ng mito at realidad. Sa mapapagitan ng paggamit ng mga simbolo, ang mga tao ang naglayong makipag-ugnayan sa bawat isa. Kung ganoon, ang simbolo ay isa ring uri ng pagtingin. Ang isang simbolo ay may sariling kasaysayan na nagsasabi kung paano nito nahanap ang daan patungo sa mga bagay na gawa ng tao. (Chwalkowski, 2016).

Ang wika, singing, panitikan at relihiyon ang ilan pa sa mga batayang elemento ng kultura batay kay Atienza, (2016) at ang mga ito ay malinaw ding nasalamin ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon. Malinaw na naitampok ng mga idyomang nakalap ang magandang wikang at sining sa pakikipagtalastasan ng mga mamamayan sa bayan ng Gubat. Nabigyang repleksiyon rin ang panitikan ng bayan ang *Ginubat* sa pagkakagamit ng salitang *tagulipnan* (isang halimaw na mahirap mahuli) sa idyomang “may sa tagulipnan”. Binigyang katuturan rin sa mga idyomang “pintahan na santo”, “sa d’yosan” ang pagiging relihiyoso ng marami sa mga mamamayan sa bayan ng Gubat, kung saan naroroon ang isa sa mga pinakamatandang simbahan sa buong rehiyon ng Bikol, ang San Antonio de Padua Parish Church. Ang simbahan ay naitayo ilang taon matapos unang nakarating sa lugar ng bayan ang mga misyunaryo noong Hunyo 13, 1731. Sa araw na ito ipinagdiriwang taon-taon ang kapistahan sa bayan ng Gubat, San Antonio de Padua Parish Church Facebook Page, (2020)<sup>36</sup>.

#### 4. Konklusyon at rekomendasyon

Mayroong iba’t ibang paksaing nakapaloob sa mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon. Sinasalamin ng mga idyomatikong ekspresyong Gubatnon ang kultura ng bayan ng Gubat. Inirerekomenda na gamitin ang mga naturang idyoma sa paggawa ng mga malikhaing akdang pampanitikan kagaya ng mga tula at kuwento upang mas lalong mapagyaman ang sariling wika. Gamitin rin ito sa pagtuturo sa paaralan lalong lalo na sa mga mag-aaral sa elementarya upang magkaroon sila ng mas malawak at mas malalim na pag-unawa sa mga bagay-bagay. Hinihikayat rin ang mga magulang na gamitin at ituro ang mga idyomatikong ekspresyong ito sa tahanan upang mas lalong tumimo sa isipan ng mga kabataang Gubatnon. Panghuli’y magsagawa pa ng pag-aaral na may kaugnayan sa pag-aaral na ito.

#### 5. Talasanggunian

- Abenes, R. D., & Mahaguay, J. M. (2017). Dekolonisasyon para sa Diwang Pilipino ni Emerita S. Quito: Isang Pagpupugay. *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 11(2).
- Agcaoili, C. B. (2010). Kasaysayang bayan at tradisyonal na kasaysayan: Epekto sa nasyonalismo at pambansang identidad ng mga mag-aaral. *Alipato: A Journal of Basic Education*, 4.
- Alex., (2015). Pasaring. Retrieved from <https://alex-insights.blogspot.com>.
- Alvarez, K. C. (2019). Ang Dalawang Maria ng Malabon: Panata Bilang Pagsasabuhay sa mga Pagpapahalagang Pilipino sa Konteksto ng Ugnayang Pangkasaysayan at Pangkalinangan ng La Inmaculada Concepcion at La Purisima Concepcion ng Malabon. *DIWA E-Journal*, Tomo 7 (2019), 10-47
- Amat, A. B. (2021). Pamahiin sa Kamatayan: Katutubong Konsepto ng mga Taclobanon. *Development*, 9(1), 106-113.
- Atienza, BC. (2018). Ano Ang Kultura? Kahulugan, Elemento at Kahalagahan. Retrieved from <https://pinoynewbie.com>
- Burce, J. (2013). “Katamaran” ng mga Pilipino Ayon kay Rizal. Retrieved from <https://nasyonalistikpinoy.wordpress.com>
- Catipay, T. M. A. (2019). Antolohiya ng mga Sugbu-anun’g Kwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 7(1).

- Chwalkowski, F. (2016). *Symbols in arts, religion and culture: The soul of nature*. Cambridge Scholars Publishing.
- Dąbbska, I. (1982). Symbol. *Studia semiotyczne*, 12, 125-132.
- De Juan, G. (2013). Ang Alamat at ang Maikling Kasaysayan Nito. Retrieved from <https://filipinotek.wordpress.com>
- DepEd Order. (2009). Institutionalizing Mother Tongue-Based Multilingual Education. DepEd Order No.74, S. 2009
- DepEd Order. (2021). Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education o MTB-MLE. DepEd Order No. 16, s 2021.
- Dery, L. C. (2001). *A History of the Inarticulate: Local History, Prostitution and Other Views from the Bottom*
- Estocado, V. (2020). History of the Church of Gubat. Retrieved from <https://www.facebook.com/SAPPGubat/posts/history-of-the-church-of-gubat-from-the-research-of-sir-vladimir-e-estocado-it-w/155005922807796/>
- Estocado, V. et.al. (2015) *Gubat History Coffee Table Book*. <https://www.facebook.gubathistorycoffeetablebook>. Accessed, October 18, 2023.
- Hui, J. C., Leechiu, K. T., & Yu, E. N. (1995). Ang konsepto ng malandi.
- Jocano, F.L., (1999). Filipino value System. Punlad Research House. pp 54, 119-120
- Juan, A.F. (2021, Agosto 20). 7 Commonly Used Filipino Words That Have No Direct English Equivalent. The Post. Retrieved from <https://thepost.net.ph/the-feed/arts-culture/7-commonly-used-filipino-words-that-have-no-direct-english-equivalent/>
- Llaneta, R. N. (2020). Karunungan-bayang Irosanon: Isang pagtalunton. *International Journal of Research*, 9(8), 45-55.
- Mallari, A. C. (W.P). *Sikolohiyang Pilipino: Ang Kakulitan ni Juan*.
- Marasigan, L. G. et. al., (2018). *Katutubong Salita: Tuon sa Kasanayang Komunikatibo*. Mindoro State College of Agriculture and Technology – Calapan City Campus, Oriental Mindoro, Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research* Vol. 7 No.1, 28-32.
- Navarro, A. M., Petras, J. D., & Ujano-Batangan, M. T. (2013). *Kasaysayan, Lipunan, At Sikolohiyang Pilipino*.
- Nuncio, E. M., Nuncio, R. V., Gragasin, J. MD., Valenzuela, R. F., & Malabuyoc, V.A. (2024). *Makabagong Filipino sa Nagbabagong Panahon*. Philippines: C&E Publishing, Inc.
- Petras, J. (2013). Ang Pagsasakatutubo mula sa Loob/Kultural na Pagpapatibay ng mga Salitang Pandamdaming Tumutukoy sa “Sayá”: Isang Semantikal na Elaborasyon ng Wikang Filipino sa Larangan ng Sikolohiya. *HUMANITIES DILIMAN*. 10:2, 56-84
- Philippine Constitution. (1987). Artikulo XIV Edukasyon, o ang Syensya at Teknolohiya, mga Sining, Kultura, at Isports ng Konstitusyon ng Pilipinas Sek. 9
- Rogers, C., & Campbell, L. (2015). *Endangered languages*. Oxford Research Encyclopedia of Linguistics.
- Sanaysay Editorial Team. (2023). *Ano Ang Kasaysayan? Kahulugan at Kahalagahan*. Retrieved from <https://www.sanaysay.ph/ano-ang-kasaysayan/>
- Savage, C. (2017). *The Importance Of Mother Tongue Language in Education*. ITM International Teacher’s Magazine. Retrieved from <https://consiliumeducation.com/itm/2017/08/20/mother-tongue-learning/>
- Sta Romano Cruz, N. (1996). *Don't Take A Bath on a Friday: Philippine Superstitions and Folk Beliefs*. Manila: Tahanan Books
- Torres, C. Y. (1997). *Sining ng Malikhaing Pakikipag-talastansan*. Rex Bookstore, Inc.
- UNESCO, 2023. *Report of International Mother Language Day 2023 UNESCO event*. <https://www.unesco.org/en/days/mother-language>
- Uriarte. (2019). *Reason for Studying Literature [Dahilan sa pag-aaral ng panitikan]*. <http://www.panitikankarununganbayanblogspot.com>.
- Vasiljevic, Z. (2015). Teaching and Learning Idioms in L2: From theory to practice. *Mextesol Journal*, 39(4), 1-24.-